CDTFA
CALIFORNIA DEPARTMENT OF TAX AND FEE ADMINISTRATION



# MGA INSPEKSYON SA MGA SIGARILYO AT PRODUKTONG TABAKO

## Bakit ninyo iniinspeksyon ang aking negosyo?

Ang aming mga kinatawan ay nagsasagawa ng rutinang inspeksyon ng inyong negosyo upang tiyakin na kayo ay:

- Mayroon ng mga kinakailangang permit, account, at lisensya para sa inyong uri ng negosyo ng sigarilyo at produktong tabako,
- Nakakaunawa ng inyong mga responsibilidad bilang isang negosyo na may kaugnayan sa sigarilyo at produktong tabako, at
- Sumusunod sa mga batas ng estado na namamahala sa pagbebenta ng mga sigarilyo at produktong tabako sa California.

Ang mga inspeksyong ito ay awtorisado ng California Cigarette and Tobacco Products Licensing Act ng 2003 (Division 8.6 ng California Business and Professions Code), Cigarette and Tobacco Products Tax Law (Part 13, Division 2 ng Revenue and Taxation Code), California Cigarette Fire Safety and Firefighter Protection Act (Part 8, Division 12 ng California Health and Safety Code), at ng Stop Tobacco Access to Kids Enforcement (STAKE) Act (Division 8.5 ng California Business and Professions Code).

## Ano ang hinahanap ninyo?

Titingnan ng aming mga kinatawan kung:

- May bisa ang lisensya ninyo na inisyu ng aming ahensya para magbenta ng sigarilyo at produktong tabako, pati na ang iba pang mga kinakailangang permit, account, o lisensya ng negosyo.
    - Binibigyang kahulugan ng batas ng estado na ang "produktong tabako," para sa layunin ng paglilisensya ng pagbenta (retail licensing), ay kinabibilangan ng anumang electronic smoking o vaping device, o kahit anong bahagi o aksesorya ng produktong tabako, ibinebenta man ito nang magkasama o magkahiwalay. Kung kayo ay nagbebenta ng alinman sa mga produktong ito nang tingian o maliliit na bilang, kailangan ninyo ng lisensya ng retailer para sa sigarilyo at produktong tabako mula sa aming ahensya.
    - Ang mga retailer ng mga elektronikong sigarilyo (electronic cigarette) ay kinakailangang magkaroon ng California Electronic Cigarette Excise Tax (CECET) permit (account) at mangolekta ng CECET mula sa mamimili sa halagang 12.5% ng retail selling price ng mga electronic cigarette na may nikotina o ibinebenta kasama nito. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang aming *Gabay sa Buwis para sa California Electronic Cigarette Excise Tax* sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/california-electronic-cigarette-excise-tax/*.
- Ang inyong lisensya para sa sigarilyo at produktong tabako ay dapat naka-display sa bawat lokasyon at malinaw na nakikita ng publiko.
- Binili ninyo ang inyong mga sigarilyo na may tatak ng pagbubuwis (tax stamp) ng California at mga produktong tabako na binayaran ang buwis (tax-paid), mula sa distributor o wholesaler na may lisensya rin sa sigarilyo at mga produktong tabako na may bisa. **Ipinagbabawal ang pagbebenta sa pagitan ng mga retailer.** Maaari ninyong beripikahin ang lisensya sa aming website sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/cigarette-licensees.htm*.
- Kayo ay may kumpleto at nababasang mga purchase invoice bilang patunay ng inyong imbentaryo ng sigarilyo at produktong tabako.

    - Kailangan ninyong panatilihin ang mga purchase invoice sa loob ng hindi bababa sa isang taon mula sa petsa ng pagbili sa bawat lisensyadong lokasyon. Siguraduhing bumisita sa aming website upang manatiling updated sa lahat ng kinakailangan ukol sa mga invoice ng sigarilyo at produktong tabako.
- Ang mga sigarilyo sa inyong imbentaryo ay:
    - Mayroong balidong mga tatak ng pagbubuwis (tax stamp) ng California,
    - Nakalista sa California Tobacco Directory (Direktoryo ng mga Tabako) ng Office of the Attorney General sa *www.oag.ca.gov/tobacco/directory* bilang legal na ibenta sa California. Ang roll-your-own tobacco (RYO) ay dapat nakalista rin sa Direktoryo ng mga Tabako, at
    - Tumatalima sa inaatas ng California na “low ignition propensity” para sa kaligtasan sa sunog.
- Ang mga produktong tabako sa inyong imbentaryo ay bayad na ang buwis.
- Hindi kayo nagbebenta o nagtataglay ng mga flavored na sigarilyo, flavored na produktong tabako, o mga flavor enhancer (pampalasa) ng produktong tabako.
- Ang mga sigarilyo at produktong tabako sa inyong imbentaryo ay nakalista sa Unflavored Tobacco List (UTL) sa *utl.doj.ca.gov*.
- Hindi kayo nagbebenta o nagtataglay ng cannabis, mga produktong cannabis, o ipinagpapalagay na mga produktong cannabis, gaya ng mga item na naglalaman o mukhang naglalaman ng sintetikong cannabinoid, gaya ng gummies, o iba pang mga produktong cannabis gaya ng mga cream, dust, crystals, at iba pa.
- Ang STAKE Act signage ay malinaw na naka-display sa bawat cash register at iba pang lugar ng bentahan (point of sale) ng mga sigarilyo at produktong tabako.




## Ano ang mangyayari sa panahon ng inspeksyon?

Ang aming mga kinatawan ay papasok sa inyong negosyo, magpapakilala sa inyo o sa inyong mga empleyado, magpapakita ng kanilang California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) ID, at ipapaliwanag ang dahilan ng pagbisita. Hihilingin namin sa inyo na:

- Ipakita ang inyong personal na pagkakakilanlan.
- Ibigay ang mga kinakailangang permit at lisensya.
- Magbigay ng pahintulot para isagawa ang inspeksyon at para makapasok sa anumang lugar kung saan nakaimbak ang mga sigarilyo, produktong tabako, at flavor enhancer ng produktong tabako (kasama na ang mga naka-lock na lugar o kabinet).
- Ibigay ang lahat ng invoice ng pagbili at pagbenta ng sigarilyo at produktong tabako sa huling 12 buwan, na dapat ay nakaimbak sa inyong lugar ng negosyo.
- Ipakita kung saan nakaimbak ang inyong mga invoice ng pagbili at pagbenta ng sigarilyo at produktong tabako. Ang mga rekord na ito ay kinakailangang nakatabi nang apat na taon.



Susuriin ng aming mga kinatawan ang mga sigarilyo at produktong tabako sa inyong lugar ng negosyo at anumang lugar gaya ng iba pang gusali o lalagyan kung saan maaaring mayroon ka ng mga naturang produkto. Ang aming mga kinatawan ay elektronikong isa-scan ang mga tatak ng buwis (tax stamp) na nakalagay sa mga sigarilyo sa inyong lugar ng negosyo, susuriin ang inyong mga invoice ng pagbili at pagbenta at itutugma sa inyong imbentaryo, at kukuha ng litrato ng negosyo at imbentaryo ng produkto kung kinakailangan.

Bibigyan din namin kayo ng kopya ng publication 78, *Sales of Cigarettes and Tobacco Products in California (Pagbebenta ng mga Sigarilyo at Produktong Tabako sa California)*.

Maaari din kaming mag-inspeksyon kung mayroong mga flavored na sigarilyo, mga flavored na produktong tabako, mga flavor enhancer ng produktong tabako, cannabis, mga produktong cannabis, at mga ipinagpapalagay na produktong cannabis na hindi maaaring legal na magkaroon o ibenta sa estadong ito. Gagamitin ng aming mga kinatawan ang UTL upang tiyakin na mga unflavored na sigarilyo at produktong tabako lang ang nasa inyong lugar ng negosyo.

## Ano ang mangyayari kung makakita ang mga kinatawan ng mga produktong bawal kong ibenta?

Maaaring kumpiskahin ng aming mga kinatawan ang mga hindi nabuwisan, peke, may flavor, o kung di man ay ilegal na mga sigarilyo o produktong tabako at mga flavor enhancer ng produktong tabako na nakita. Maaari din naming kumpiskahin ang cannabis, mga produktong cannabis, at ipinagpapalagay na produktong cannabis na nakita sa mga negosyo na may kaugnayan sa sigarilyo at produktong tabako. Tingnan ang aming espesyal na abiso, L-1005, *Cigarette and Tobacco Businesses: Cannabis and Synthetic Cannabinoid Products Subject to Seizure and Penalties (Mga Negosyo na may Kaugnayan sa Sigarilyo at Tabako: Cannabis at Sintetikong mga Produktong Cannabinoid na Maaaring Kumpiskahin at Multahan), at ang aming Tax Guide for Cigarettes and Tobacco Products (Gabay sa Buwis para sa mga Sigarilyo at Produktong Tabako)*.

Sa sandaling may kukumpiskahin, kami ay:

- Magpapaliwanag ng mga dahilan ng pagkumpiska,
- Magbibigay sa iyo ng resibo ng pag-aari (property receipt) para sa mga produktong nakumpiska, at
- Magbibigay sa iyo ng aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Maaari din kaming mag-isyu sa iyo ng citation.

Ang anumang sigarilyo o RYO na tabako na hindi nakalista sa Direktoryo ng mga Tabako ay maaaring kumpiskahin. Bilang karagdagan, ang anumang mga produkto na nakalista sa UTL ay maaaring kumpiskahin, na magreresulta sa $50 na multa kada indibidwal na paketeng nakumpiska. Dapat laging tingnan ng mga retailer at wholesaler ang parehong Direktoryo ng mga Tabako sa *www.oag.ca.gov/tobacco/directory* at UTL sa *utl.doj.ca.gov* bago bumili ng mga sigarilyo, RYO na tabako, at mga produktong tabako mula sa mga distributor o wholesaler na lisensyado ng CDTFA.

Kapag tinanggal ang mga sigarilyo o RYO na tabako mula sa Direktoryo ng mga Tabako, papahintulutan ang mga retailer na magtaglay, magbiyahe, at magbenta ng mga sigarilyo o RYO na tabako na may tatak ng pagbubuwis (tax-stamped) nang 60 araw mula sa epektibong petsa ng kanilang pagkakatanggal sa direktoryo.

## Maaari ko bang mabawi ang mga nakumpiskang produkto?

May karapatan kayong humiling na maibalik ang mga nakumpiskang produkto. Kung may nakumpiskang produkto ang aming mga kinatawan sa panahon ng inspeksyon, padadalhan namin kayo ng abiso na naglilista ng mga produktong kinumpiska at naglilinaw ng inyong mga karapatang kuwestyunin ang pagkumpiska. Isasama namin ang CDTFA-1238-IB2, *Bineripikang Petisyon para sa Pagpapalabas o Pagbawi ng Pag-aari (Verified Petition for Release or Recovery of Property)*, kasama ng abiso.

Sa ilalim ng batas ng estado, ang mga nakumpiskang produkto ay puwede lamang ibalik kung kinumpiska namin ang naturang mga item nang hindi legal o nagkamali. Upang humiling ng pagbabalik ng mga nakumpiska ninyong produkto, dapat maghain kayo ng petisyon sa loob ng 20 araw mula sa petsa ng personal na serbisyo o petsa ng pagpapadala ng CDTFA-1238-IB, *Abiso ng Pagkumpiska (Notice of Seizure and Forfeiture)*. Kung hindi kayo personal na naabutan o hindi nakatanggap sa pamamagitan ng koreo, dapat kayong magsumite ng petisyon sa loob ng 20 araw mula sa petsa ng paglalathala ng Abiso ng Pagkumpiska (*Notice of Seizure and Forfeiture)* sa aming website sa *www.cdtfa.ca.gov/legal/seizurecigtoboprod.htm*. Sa inyong petisyon, dapat ninyong ipaliwanag kung bakit hindi legal o isang pagkakamali ang pagkumpiska. Kami ay tutugon sa inyong petisyon sa pamamagitan ng sulat (seksyon 30438 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis (Revenue and Taxation Code)). Kung hindi kayo magsumite ng bineripikang petisyon sa tamang oras, mawawala ang inyong karapatan sa mga produkto, at ito ay tuluyang mabibilang na pag-aari ng Estado ng California nang walang karagdagang abiso o pagdinig.

## Ano ang mangyayari kung makatanggap ako ng citation?

Kung makatanggap kayo ng civil citation, padadalhan namin kayo ng CDTFA-408, *Abiso ng Paglabag (Notice of Violation)*. Ipapaliwanag ng abisong ito ang mga partikular na paglabag na dahilan ng citation, anumang sibil na parusa o kahihinatnan, ang inyong karapatang umapela, at iba pang mahalagang impormasyon.

Kung bibigyan namin kayo ng kriminal na citation, kinakailangan ninyong humarap sa korte gaya ng nakasaad sa citation. Maaari din kayong makatanggap ng abiso mula sa Tanggapan ng District Attorney kaugnay ng mga kriminal na paglilitis. Kung hindi kayo haharap sa korte, maglalabas ng bench warrant laban sa inyo. Bukod sa anumang parusang kriminal na maaaring ipataw ng korte, maaari din naming suspindihin o bawiin ang inyong lisensya para sa sigarilyo at produktong tabako at magpataw ng mga sibil na multa. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang publication 161, *Criminal Citations Include a Civil Administrative Process (May Kasamang*

*Administratibong Prosesong Sibil ang mga Kriminal na Citation)*. Pagkatapos hatulan ng hukuman ang inyong kriminal na citation, magpapadala kami sa inyo ng CDTFA-408, *Abiso ng Paglabag* (Notice of Violation). Ang abisong ito ay maglalaman ng mga paglabag, anumang parusang sibil, inyong karapatang umapela, at iba pang mahahalagang detalye.

## Ano ang mangyayari kung masuspinde o mabawi ang aking lisensya?

Sa panahon ng pagkakasuspinde ng lisensya o napawalang-bisa ito, ang inyong lisensya para sa sigarilyo at mga produktong tabako ay hindi magiging balido, at kayo ay ipinagbabawal na mag-display para magbenta, o magregalo ng mga sigarilyo o produktong tabako habang epektibo ang suspensyon o pagkatapos ng pagpapawalang-bisa. Ang patuloy na pagbenta o pagregalo pagkatapos ng petsa na may bisa ang pagsuspinde o pagpapawalang-bisa ng lisensya ay isang maliit na paglabag sa batas (misdemeanor) at magreresulta sa pagkumpiska ng lahat ng sigarilyo at produktong tabako na taglay ninyo.

Ang CDTFA-459, *Abiso ng Pagkakasuspinde (Notice of Suspension)* o CDTFA-458, *Abiso ng Pagpapawalang-Bisa (Notice of Revocation)* na signage ay ipapadala sa inyo sa koreo. Kinakailangan ninyong ipaskil ang abiso sa bawat pampublikong pasukan, bawat cash register, at sa anumang iba pang lugar kung saan ginagawa ang bentahan (point of sale) sa inyong nasuspinde o napawalang-bisang lokasyon.

May sibil na multang $1,000 kada paglabag kung:

- Hindi ninyo ipinaskil ang *Abiso ng Pagkakasuspinde (Notice of Suspension)* o *Abiso ng Pagpapawalang-bisa (Notice of Revocation)* na sign gaya ng inaatas.
- Binago ninyo ang sign tungkol sa pagkakasuspinde o pagpapawalang-bisa.
- Inalis ninyo ang sign tungkol sa pagkakasuspinde o pagpapawalang-bisa sa panahon kung kailan kinakailangan itong ipaskil.
- Patuloy ninyong idini-display ang mga sigarilyo o produktong tabako para ibenta sa panahon ng suspensyon o pagkatapos ng pagpapawalang-bisa.

## Mayroon ba akong anumang mga karapatan kaugnay ng inspeksyong ito?

Oo, mayroon kayong mga partikular na legal na karapatan bilang nagbabayad ng buwis sa California. Dapat igalang at protektahan ng aming mga kinatawan ang mga karapatang iyon. Gaya ng ipinapaliwanag sa publication 70, *Understanding Your Rights as a California Taxpayer (Pag-unawa sa Inyong mga Karapatan bilang Nagbabayad ng Buwis sa California)*, may karapatan kayo sa:

- Magalang at agarang serbisyo,
- Patas na pagtrato,
- Pagiging kumpidensyal,
- Impormasyon at tulong, at
- Pag-apela ng isang pagtatasa.

## Maaari ba akong magsampa ng reklamo kung mayroon akong mga alalahanin tungkol sa inspeksyon o pag-uugali ng kinatawan?

Oo. Kung naniniwala kayong hindi naging propesyonal ang kinatawan o nilabag ang inyong mga karapatan, maaari kayong magsampa ng reklamo sa Inspections Section sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa 1-916-324-0105 at pagpili ng opsyon 3

- Pagsumite ng ulat sa *www.cdtfa.ca.gov/report-violation.htm*
- Pagsulat sa:
  California Department of Tax and Fee Administration
  Inspections Section, MIC:42
  PO Box 942879
  Sacramento, CA 94279-0042

Siguraduhing ipaliwanag nang detalyado ang inyong mga alalahanin. Isang supervisor o tagapamahala ng Inspections Section ang hahawak ng inyong reklamo at makikipag-ugnayan sa inyo. Kung hindi maresolba ng supervisor o tagapamahala ang isyu, o kung nais ninyong ang inyong reklamo ay hawakan sa labas ng Inspections Section, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming Taxpayers' Rights Advocate Office.

## Taxpayers' Rights Advocate Office

Kung gusto ninyong malaman ang higit pa tungkol sa inyong mga karapatan bilang isang nagbabayad ng buwis o kung hindi ninyo nagawang lutasin ang isang problema sa pamamagitan ng mga normal na proseso (halimbawa, sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang supervisor), mangyaring tingnan ang publication 70 o makipag-ugnayan sa Taxpayers' Rights Advocate Office, *www.cdtfa.ca.gov/tra/* sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa 1-888-324-2798
- Pag-email sa: *taxpayer.rights@cdtfa.ca.gov*
- Pagsulat sa:
  California Department of Tax and Fee Administration
  Taxpayers' Rights Advocate Office, MIC:70
  PO Box 942879
  Sacramento, CA 94279-0070

## Para sa higit na impormasyon

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa inspeksyon, maaari kayong makipag-ugnayan sa aming Inspections Section sa 1-916-324-0105 at piliin ang opsyon 3.

Para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro ng sigarilyo at mga produktong tabako, paglilisensya, buwis, at mga responsibilidad sa negosyo, mangyaring basahin ang aming *Gabay sa Buwis para sa mga Sigarilyo at Produktong Tabako* sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/cigarette-and-tobacco-products/* at aming *Gabay sa Buwis para sa California Electronic Cigarette Excise Tax* sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/california-electronic-cigarette-excise-tax/*.

Para sa pagpaparehistro o pangkalahatang mga katanungan, mangyaring tawagan ang aming Customer Service Center sa 1-800-400-7115 (TTY:711) at piliin ang opsyon para sa *Special Taxes and Fees*. Mayroong mga kinatawan ng customer service Lunes hanggang Biyernes mula 7:30 a.m. hanggang 5 p.m. (Pacific time), maliban sa mga holiday ng estado.

## Mga klase, online na seminar, kaganapang pang-edukasyon

Nag-aalok din kami ng mga libreng klase, online na seminar, at mga kaganapang pang-edukasyon tungkol sa mga sigarilyo at produktong tabako. Saklaw ng mga mapagkukunang pang-edukasyon na ito ang mga kinakailangan sa lisensya, mga kamakailang pagbabago sa batas, proseso ng inspeksyon, pagpapanatili ng mga rekord, pagpapatupad ng mga parusa, at marami pang iba. Upang tingnan ang mga paparating na kaganapan, bisitahin ang aming *Tax Education Events* webpage sa *www.cdtfa.ca.gov/seminar/#cig* o tawagan kami sa 1-916-324-0105 at piliin ang opsyon 3 upang magparehistro o makakuha ng karagdagang impormasyon.

## Mga Publication (Paglalathala)

Ang mga sumusunod na paglalathalang nauugnay sa mga sigarilyo at produktong tabako ay makukuha sa *www.cdtfa.ca.gov/formspubs/all-forms-and-publications.htm*. Ang ilan sa mga paglalathalang ito ay available rin sa maraming wika. Maaari kang makakuha ng paglalathala sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Customer Service Center sa numerong nakalista sa itaas.

63 *Cigarette Distributor Licensing and Tax Stamp Guide (Gabay sa Paglilisensya ng Distributor ng Sigarilyo at Tatak ng Pagbubuwis)*
70 *Understanding Your Rights as a California Taxpayer (Pag-unawa sa Inyong mga Karapatan bilang Nagbabayad ng Buwis sa California)*
78 *Sales of Cigarettes and Tobacco Products in California—License Requirements for Retailers (Pagbebenta ng mga Sigarilyo at Produktong Tabako sa California—Mga Rekisito para sa Lisensya ng mga Retailer)*
93 *Cigarette and Tobacco Products Taxes (Mga Buwis sa Sigarilyo at Produktong Tabako)*
152 *Cigarette and Tobacco Product Inspections (Mga Inspeksyon sa Sigarilyo at Produktong Tabako)*
161 *Criminal Citations Include a Civil Administrative Process (May Kasamang Administratibong Prosesong Sibil ang mga Kriminal na Citation)*
403 *California's Counterfeit-Resistant Cigarette Tax Stamp (Tatak sa Pagbubuwis ng California sa mga Sigarilyo na Hindi Napepeke)*
407 *Master Settlement Agreement (Pangunahing Kasunduan sa Pagbabayad)*
429 *Flavored Cigarettes Banned in the United States (Mga Flavored na Sigarilyo na Ipinagbabawal sa Estados Unidos)*
473 *Things Retailers Should Know Before Buying Cigarettes and Tobacco Products (Mga Bagay na Dapat Malaman ng Mga Retailer Bago Bumili ng Mga Sigarilyo at Produktong Tabako)*

### Mga Mapagkukunan

- *Video na "What to Know About Your Cigarette and Tobacco Products Inspection"* sa *www.youtube.com/watch?v=2k6Dgtdxo8Q*
- *Gabay sa Buwis para sa mga Sigarilyo at Produktong Tabako* sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/cigarette-and-tobacco-products/*
- *Gabay sa Buwis para sa California Electronic Cigarette Excise Tax* sa *www.cdtfa.ca.gov/taxes-and-fees/california-electronic-cigarette-excise-tax/*
- *Tax Education Events (Mga Kaganapang Pang-edukasyon tungkol sa Pagbubuwis)* sa *www.cdtfa.ca.gov/seminar/#cig*
- *Direktoryo ng mga Tabako ng California ng Office of the Attorney General* sa *www.oag.ca.gov/tobacco/directory*

### Ang paglabag sa batas ay nakakasakit sa ating lahat

Upang mag-ulat ng mga pinaghihinalaang paglabag, tumawag sa 1-888-334-3300 o bisitahin ang aming website sa *www.cdtfa.ca.gov/report-violation.htm*.

Kapag nagsusumite kayo ng ulat ng hinihinalang paglabag, mangyaring ibigay ang pangalan ng taong pinaghihinalaan at ang negosyo, ang lokasyon, paglalarawan ng paglabag, kung kailan ito nangyari, at kung may ebidensiyang magpapatunay sa paratang.

PUBLICATION 152
ABRIL 2026